

FILIPINO 5
IKALAWANG TRIMESTER

ARALIN: Bahagi ng Pangungusap

PANUTO: I-type kung ang nakasalungguhit na bahagi ng pangungusap ay simuno o panaguri. (Hindi case sensitive ang pagta-type ng sagot.)

- _____ 1. Masaya ako ngayon.
- _____ 2. Maayos ang pamamalakad ng kanilang lider.
- _____ 3. Ang aklat ay maituturing nating kaibigan.
- _____ 4. Narinig mo na ba ang magandang balita?
- _____ 5. Sila ang mga bagong halal na pinuno.
- _____ 6. Magkakilala na pala kayo.
- _____ 7. Ang taong hinahanap ko ay nakita ko na.
- _____ 8. Ang mga miyembro ng aking pangkat ay maaasahan talaga.
- _____ 9. Mag-aaral ako nang mabuti tungkol sa mga bahagi ng pangungusap.
- _____ 10. Kaming mga kabataan ay pag-asa ng bayan.

PANUTO B: Tukuyin ang payak na simuno at panaguri sa bawat pangungusap. I-type ang sagot sa patlang.

_____ 1. Tinulungan niya ang mga batang lansangan. (Ano ang payak na simuno?)

_____ 2. Siya ay pinasalamatan ng lahat.
(Ano ang payak na simuno?)

_____ 3. Iginagalang niya ang mga kaklase at guro niya. (Ano ang payak na panaguri?)

_____ 4. Ang bayanihan ay taos-pusong pagtulong sa kapwa. (Ano ang payak na simuno?)

_____ 5. Dapat nating ipagmalaki ang pagsasabuhay nito. (Ano ang payak na panaguri?)

PANUTO C: Tukuyin ang paraan ng pagbubuo ng pangungusap. I-type ang ;

A-payak na simuno/payak na panaguri

B-Payak na simuno/tambalang panaguri

C-tambalang simuno/payak na panaguri

D-tambalang simuno/tambalang panaguri

_____ 1. Ang polusyon ay isa sa suliranin ng bansa.

_____ 2. Ang bawat isa ay maaaring maging munting bayani.

_____ 3. Ang mga mag-aaral ay masayang nag-aaral at gumagawa ng gawaing-pangklase.

_____ 4. Suportahan at ipagmalaki natin ang mga plano ng ating mga kaklase at kamag-aral.

_____ 5. Sila ay nagkakaisa at nagtutulungang maayos ang problema.

_____ 6. Kailangang malinis at maayos ang ating kapaligiran.

_____ 7. Ang pangkat A at pangkat B ay magkakatulong sa pagbuo ng proyekto.

_____ 8. Ang mga ilog at dagat ay panatalihing malinis at ligtas sa polusyon.

_____ 9. Manalangin at magpasalamat tayo sa Panginoon.

_____ 10. Araw-araw dapat ang pag-inom ng Vitamin C.